# TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Patuloy na nakikisabay ang edukasyon sa pag-unlad ng teknolohiya. Sa pagtuturo ng wika at asignaturang Filipino, malaki nang maituturing ang nagawa ng teknolohiya upang mas mapagyaman ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, ilang hamon din ang dulot ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika. Sa sanaysay na ito, bibigyang-pansin ang ilang kagalingan ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng edukasyon sa aspetong Filipino at pati na ang mga hamong kakaharapin ng paggamit nito (Alarcon at iba pa, 2018).

Mas madaling access sa mga learning resources…iyan ang pinakanakikitang positibong epekto ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral. Marami sa mga aklat, artikulo, at iba pang materyales ay makukuha na agad sa pamamagitan lamang ng isang pindot sa mouse. Naeengganyo din ang mga kabataan na magbasa ng mga kwento at iba pang sulatin dahil sa mga e-books na tinatawag na maaari nilang makuha nang libre at nang hindi kinakailangang magtungo sa mga silid-aklatan. Sinasabing dahil sa mga kagamitang makukuha sa internet, mas mapapadali ang pagtuturo at ang pagkatuto ng mga mag-aaral (ACTFL, 2017).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa aspeto ng pagtuturo, nagiging interaktibo at masigla ang klase sa tulong ng iba't ibang online games at activities na masasagutan ng mga mag-aaral. Masining at makulay din ang pagkakalikha ng mga ito tulad ng mga video na maganda ang visual effects at musika na maaaring lapatan ng bagong liriko upang maging tugma sa mga aralin. Nagiging angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga

interactive modules sapagkat mas nakikiliti nito ang kanilang kagustuhang matuto (Odejar, 2023).

Kaalinsabay ng mga mahuhusay na epekto ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika, kapansin-pansin din ang ilang hamong kinakaharap ng mga guro. Isa na rito ang pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa mga libro pati na sa pagbisita sa mga silid-aklatan. Dahil mas madali ang pagkuha ng mga artikulo sa internet, marami ang pinipili ito higit kaysa sa silid-aklatan. Kapansin-pansin ding nalilimutan ang tradisyonal na pamamaraan ng pagsusulat sapagkat mas madali nga namang tipahin ang keyboard kaysa sumulat ng ilang daang salita gamit ang lapis at papel. Isa rin sa nagiging hamon ay ang paggamit ng mga Artificial Intelligence sa paggawa ng mga sulatin tulad ng sanaysay na isang pindot lamang ay magagawa na ng tila robot na manunulat.

Marami man ang positibong epekto ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika, malaking bilang din naman ang nakikitang hamon mula rito. Kaya naman mas mainam na balansehin ang paggamit ditto at himukin pa rin ang mga mag-aaral na mahalin ang tradisyonal na paraan ng pagkatuto upang mas mapaunlad pa ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat, pagbasa, at pagtangkilik sa sariling wika. Malaki ang papel ng mga guro upang sabay na itaguyod ang husay ng mga mag-aaral at paunlarin ang kakayahan sa paggmit ng teknolohiya ngunit hindi dapat pangambahan ang galing ng mga titser na Pilipino. Kaya ng bawat guro na balansehin ang tradisyonal at teknolohikal sa aspeto ng pagtuturo. Sumakatuwid, hindi kailanman magiging hamon ang mabilis na ebolusyon ng huli sa mundo ng edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

ACTFL (2017). The Role of Technology in Language Learning. Kinuha noong Nobyrembere 16, 2023 mula sa https://www.actfl.org/news/the-role-of-technology-in-language-learning

Alarcon, A. at iba pa (2018). Positibing Epekto ng Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.academia.edu/35812957/POSITIBONG_EPEKTO_NG_PAGGAMIT_NG_TEKNOLOHIYA_NG_MGA_GURO_SA_PAGTUTURO

Odejar, K. (2023). Paggait ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.academia.edu/36169679/Paggamit_ng_makabagong_teknolohiya_sa_pagtuturo_sa_mga_mag_aaral

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan